BRITISH COLUMBIA
The Best Place on Earth

Oktubre, 2006

Our Ref: 114876

Mahal naming Magulang:

Ang handog na pagbasa ay isa sa pinakadakilang regalo na maaari ninyong ibigay sa inyong anak. Ang pagbasa kasama ng inyong anak ay mapangyayari na huhusay ang kanilang kasanayan sa pakikinig at pagbasa, mapapalakas ang kanilang tiwala at magiging inspirado silang galugarin ang mga bagong daigdig sa pamamagitan ng mga nakasulat na salita. At ito'y tunay na kasiya-siya!

Ngayong araw na ito ang anak ninyo ay nag-uwi ng libro: *A Mountain Alphabet*. Ito ay regalo mula sa Lalawigan ng British Columbia sa lahat ng mga estudyante sa kindergarten sa probinsiya upang matulungan na sila ay matutong bumasa. Ang mga bata na mayroong sarili nilang mga aklat, at binabasahan ng kanilang pamilya, ay malaki ang panimulang kahandaan sa pagkatuto.

Sa pamamagitan ng aklat na ito, isinasama namin ang inyong pamilya sa pagsusumikap ng British Columbia na makalikha ng henerasyon ng mga mambabasa na pang-habambuhay. Hinihikayat ko kayo na basahin ang *A Mountain Alphabet* kasama ng inyong anak. Bigyan ninyo ang inyong murang mag-aaral ng handog na kakayahang bumasa, at magkaroon ng mga kasiya-siyang sandali na magkasamang may ginagawa.

Para sa karagdagang impormasyon kung paano matutulungan ang inyong anak na maging matagumpay sa paaralan, mangyaring dalawin ang website ng Achieve BC sa (www.achievebc.ca)

Umaasa ako na kayo at inyong anak ay masisiyahan sa aklat na ito, at hangad ko sa pamilya ninyo ang lahat ng mainam para sa isang kaaya-ayang taon ng pagpasok sa paaralan.

Malugod na Sumasainyo,

Shirley Bond

Shirley Bond
Ministro
Deputadong Punong Ministro

Ministry of Education

Office of the Minister and Deputy Premier

Mailing Address:
PO Box 9045 Stn Prov Govt
Victoria BC Canada V8W 9E2

Location:
Parliament Buildings
Victoria